# GABAY NG ASAL SA NEGOSYO

## Mga Panuntunan para sa Tuloy-tuloy na Tagumpay




Amkor Technology®

# MGA NILALAMAN


Mensahe mula sa Presidente at Chief Executive Officer 1

Ang Ating Misyon 2
Maaasahan at Mapapagkatiwalaan 2

Ang Mga Pinahahalagahan Natin 3
Integridad 3
Sipag at Tiyaga 3
Teamwork at Pagkakaisa 3
Pagka-malikhain at Tuloy-tuloy na Pag-unlad 3

Ang Gabay Ay Angkop Sa Lahat Ng Ating Mga Gawain 4
Pagnenegosyo kasama ang Bawat Isa 4
Pagnenegosyo Kasama ang Ating mga Kustomer, Mga Kasosyo sa Negosyo at mga Tagapagtustos 4
Pagnenegosyo sa Ating mga Komunidad 4
Pagnenegosyo na Isinasaisip ang Ating mga Kasosyo 4

Mga Malimit Itanong 5
Bakit Mayroon Tayong isang Gabay ng Asal sa Negosyo? 5
Sino ang Sakop ng Gabay? 5
Ano Ang Ating Mga Responsibilidad? 5
Ang mga Manager ba ay may mga Karagdagang Responsibilidad? 5
Ipinaliliwanag ba ng Gabay ang Lahat ng mga Pamantayan na Kailangan Kong Malaman? 6
Saan Ako Pupunta para Humingi ng Payo o para Mag-ulat ng isang Hinihinalang Paglabag? 6
Mahaharap ba ako sa mga kahihinatnan sa pag-uulat ng paglabag? 7
Pinahihintulutan ba sa Gabay ang mga Pagpapaubaya o Waiver? 7

Pagsasagawa ng Negosyo sa Bawat Isa 8
Walang Diskriminasyon 8
Harassment 8
Pagka-pribado 9
Mga Kasanayan sa Trabaho at mga Sahod 9
Kaligtasan at Kalusugan 9
Karahasan sa lugar ng trabaho 9
Alak at Abuso sa Droga 9

Pagnenegosyo Kasama ang Ating mga Kustomer, Mga Kasosyo sa Negosyo at mga Tagapagtustos 10
Patas na Pakikipagkalakalan 10
Impormasyong kaugnay ng Kompetisyon 10
Mga Batas ukol sa Antitrust 10
Kalidad ng Produkto 11
Kumpidensiyal na Impormasyon tungkol sa mga Kustomer, Tagapagtustos at Iba Pa 11

Pagnenegosyo sa Ating mga Komunidad 12
Responsibilidad ng Korporasyon sa Lipunan 12
Mga Batas Laban sa Kurapsyon 12
Anti-Money Laundering 13
Mga Kontrol Pangkalakalan 13
Mga Batas Laban sa Pagboboykot 14
Pagmamalasakit sa Kapaligiran 14
Mga Kontribusyong Pulitikal ng Korporasyon 14
Pagkontrata ng Pamahalaan ng U.S. 14

Pagnenegosyo na Isinasaisip ang Ating mga Kasosyo 15
Pangalagaan ng Wasto ang mga Rekord 15
Pagpapanatili ng mga Rekord 16
Mga Imbestigasyong Internal at Pang-pamahalaan 16
Mga Ari-Ariang Pisikal 16
Kumpidensiyal o Pag-aaring Impormasyon ng Amkor 16
Naaangkop na Paggamit ng mga Elektronikong Pag-aaring Yaman ng Amkor 17
Komunikasyong Pampubliko 17
Social Media 17
Pag-iwas sa mga Salungat sa Interes 18
- Mga Regalo at Paglilibang 18
- Pinansiyal na Interes at mga Pamumuhunan (Investments) 18
- Pagnenegosyo kasama ang Ating mga Kapamilya at Kaibigan 19
- Pagnenegosyo sa Labas 19
- Insider Trading 19
- Mga Ipinagbabawal na Transaksyon sa mga Securities ng Amkor 20

Mga Susog 20

Pagpapatunay 21

APPENDIX A – Pagtawag sa Amkor Integrity Line 23

APPENDIX B – Pagtawag sa Human Resources, Internal Audit o sa Legal Department 24

# MENSAHE MULA SA PRESIDENTE AT CHIEF EXECUTIVE OFFICER

Ikinararangal kong pamunuan ang isang kumpanya na may matibay na reputasyon sa pagiging maaasahan, mapagkakatiwalaan, at may integridad. Sa paglipas ng mga taon, nakamit at napanatili natin ang tiwala ng ating mga customer at stakeholders sa pamamagitan ng isang natatanging serbisyo at pakikipag-ugnayan na nakabatay sa ating dedikasyon sa etikal na pagnenegosyo.

Ikinalulugod ko ang mga magiging kontribusyon ng ating mga empleyado at teknolohiya upang matulungan ang Amkor at ang ating mga customer na makamit ang pangmatagalang estratehikong paglago at katatagan. Habang patuloy nating tinatamo ang mga layuning ito, bawat isa sa atin ay dapat manatiling nakatuon sa ating pananagutan na panatilihin ang pinakamataas na pamantayan ng integridad sa ating pang-araw-araw na gawain.

Ang Code of Business Conduct (Code) ang nagsisilbing gabay kung paano tayo dapat kumilos habang nagtatrabaho sa Amkor at sa pakikipag-ugnayan natin sa mga business partners ng Amkor. Hindi saklaw ng Code ang lahat ng posibleng tanong o sitwasyon, ngunit nilalayon nitong tulungan tayong isabuhay ang ating mga pinahahalagahan, sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, at maunawaan kung paano magpahayag ng mga alalahanin at humingi ng gabay.

Kung meron tayong tanong o alinlangan, may obligasyon tayong “magsalita” at humingi ng payo mula sa isang manager, legal, human resources, internal audit, o sa Amkor Integrity Line. Inaasahan ko rin na ang mga lider ng Amkor ay patuloy na lilikha at magpapatatag ng isang kapaligiran kung saan ang ating mga empleyado ay komportableng makapagsalita at nahihiyakat na gawin ito.

Hinihiling ko sa bawat empleyado ng Amkor na basahin at unawain ang Code at gumamit ng wastong paghusga sa paggawa ng mga desisyon. Sa paggawa nito, ako ay tiwala na tayo ay magiging isang matatatag na pandaigdigang koponan na handa para sa susunod na yugto ng kapana-panabik na paglalakbay ng ating kumpanya.

Maraming salamat sa inyong dedikasyon at pagsusumikap.



Kevin Engel
Presidente & Chief Executive Officer
Amkor Technology, Inc.




## ANG ATING MISYON

Mahigit kalahating siglo na ang nakalipas, ang aking lolo at ama ay nagtanim ng binhi na nagpasimula sa semiconductor industry sa Korea. Kasama ang mga dedikadong empleyado at katuwang sa iba't ibang panig ng mundo, pinalago nila ang binhing ito hanggang maging isang pandaigdigang enterprise —at ngayon, ang Amkor ang pinakamalaking U.S.-headquartered Outsourced Semiconductor Assembly Test (OSAT) na kompanya sa buong mundo.

Mula sa pagiging nangunguna sa outsourced integrated circuit packaging at test services noong 1968, hanggang sa kasalukuyang katayuan bilang isang strategic manufacturing partner ng mga nangungunang semiconductor companies, foundries, at electronics manufacturers sa mundo, nanatiling matatag at di-matitinag ang aming pagpapahalaga sa pagiging Maaasahan at Mapagkakatiwalaan.

Ang aming matibay na pagpapahalaga at dedikasyon sa pinakamataas na pamantayan ng integridad, paggalang, at patas na pakikitungo ay pundasyon sa kasaysayan ng Amkor at isang mahalagang bahagi ng "DNA" ng Amkor sa lahat ng antas ng organisasyon. Umaasa ako na patuloy na gampanan ng buong Amkor community ang kanilang bahagi sa pagpapanatili ng mga prinsipyong ito.

Susan Y. Kim
Chairman of the Board
Amkor Technology, Inc

# Maaasahan at Mapapapagkatiwalaan

Ang mga Chinese Character na ito ay simbolo na tayo ay maaasahan at mapapapagkatiwalaan – habambuhay na pinahalagahan ng yumaong Chairman ng Amkor, Hyang-Soo Kim.

Ipinapakita nito ang kanyang matatag na hangarin at dedikasyon tungo sa pinakamataas na antas ng integridad, respeto at patas na pakikitungo.

Ang layunin ng Amkor Technology ay makapaghatid ng mabilis at maasahang solusyon sa larangan ng manufacturing at supply chain sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kostumer.

# ANG MGA PINAHAHALAGAHAN NATIN

## Integridad

May dedikasyon tayo sa pinakamatataas na pamantayan ng integridad, paggalang at patas na pakikipagkalakalan. Ipinamumuhay natin ang pinakamatataas na prinsipyo sa etika sa negosyo at sa magandang asal sa lahat ng ating mga aksyon, kasama na ang pagsunod sa mga pangangailangan ng lahat ng mga naaangkop na batas.

## Sipag at Tiyaga

Nagtatakda tayo at inaabot natin ang ating mga layunin sa pamamagitan ng isang matatag na etika sa trabaho at sa paniniwala na malalampasan natin ang lahat ng mga balakid. Disiplinado tayo at may positibong pananaw, at nagsusumikap tayo na maisagawa ang mga bagay-bagay nang wasto at mahusay.

## Teamwork at Pagkakaisa

Sama-sama tayong nagtatrabaho, sa loob at maging sa labas ng bansa, upang makatupad sa mga pangangailangan ng ating mga kustomer at upang matulungan ang Amkor na makamit ang tagumpay. Pinahahalagahan natin ang ating mga kapwa empleyado, hinihikayat natin ang kanilang paglago at inihahayag natin ang ating pasasalamat sa mga nagawa nila. Iginagalang natin ang bawat isa sa pamamagitan ng pagpapakita ng paggalang at pagpapakumbaba at suporta sa isa't isa sa pamamagitan ng bukas na komunikasyon.

## Pagka-malikhain at Tuloy-tuloy na Pag-unlad

Naniniwala tayo na sa pamamagitan ng mga malikhaing ideya ay malalampasan natin ang anumang mga hamon. Nagsusumikap tayo na maunahan natin at matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng mga kustomer at mga empleyado sa pamamagitan nang palagiang pagbabago at ebolusyon.

# ANG GABAY AY ANGKOP SA LAHAT NG ATING MGA GAWAIN

## Pagnenegosyo Kasama ang Bawat Isa

- Tinatrato natin ang bawat isa nang pantay-pantay, may katapatan, may pagtitiwala at may paggalang.
- Pinahahalagahan natin ang mga kontribusyong indibidwal ng isa't isa.
- Nagtatrabaho tayo upang makalikha ng isang ligtas at produktibong kapaligiran sa trabaho.
- Isinasagawa natin ang ating negosyo sa isang pamamaraang isinasaalang-alang ang responsibilidad natin sa kapaligiran.

## Pagnenegosyo Kasama ang Ating mga Kustomer, Mga Kasosyo sa Negosyo at mga Tagapagtustos

- Nagbibigay tayo ng mga makabagong solusyon upang maharap natin ang mga hamon ng ating mga kustomer.
- Nagkakaloob tayo ng mga produkto na may mataas na kalidad at halaga.
- Sumusunod tayo sa mga gawi sa negosyo nang naaayon sa etika at sa batas sa lahat ng panahon.
- Binabantayan natin ang mga impormasyon na ipinagkatiwala sa atin.

## Pagnenegosyo sa Ating mga Komunidad

- Sumusunod tayo sa mga pandaigdigang batas sa pagnenegosyo sa labas ng bansa.
- Sumusunod tayo sa mga lokal na batas sa mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho.
- Nagtatrabaho tayo upang magkaroon ng isang positibong epekto sa ating mga komunidad.

## Pagnenegosyo na Isinasaisip ang Ating mga Kasosyo

- Nagtatago tayo nang kumpleto, wasto at tapat na mga rekord.
- Pinoprotektahan natin ang ating mga ari-arian at ginagamit natin ang mga ito nang wasto.
- Iniiwasan natin ang salungat sa interes at insider trading.
- Nakikipagtalastasan tayo sa isang tapat at bukas na komunikasyon.

Naniniwala ang Amkor na ang tagumpay natin ay nakasalalay sa ating kakayahang gawin ang tamang bagay para sa aming mga customer, mga supplier, empleyado at mundo.

# MGA MALIMIT ITANONG

## Bakit Mayroon Tayong isang Gabay ng Asal sa Negosyo?

Ang Gabay ng Asal sa Negosyo (ang "Gabay") ang nagsisilbing gabay natin sa kung ano ang iaasal natin habang nagtatrabaho sa Amkor. Dinisenyo ito upang tulungan tayo na: (1) alamin at sundin ang mga batas at regulasyon na naaangkop sa atin, (2) pairalin ang ating mga pinahahalagahan sa mga aksyon natin sa negosyo at sa mga desisyon, at (3) magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano natin ihahain ang ating mga alalahanin at kung paano hihingi ng karagdagang payo.

## Sino ang Sakop ng Gabay?

Lahat ng mga empleyado ng Amkor ay kailangang sumunod sa mga panuntunan na itinakda sa Gabay na ito, kahit kailan na nagsasagawa tayo ng negosyo sa pangalan ng Amkor. Ang Gabay ay angkop sa lahat ng mga subsidyariya at mga kaanib kung saan ang Amkor ay direkta o hindi direktang nagmamay-ari ng higit pa sa 50 porsiyento ng karapatang bomoto, at hindi nito binabago ang mga termino at kondisyon ng inyong pagka-empleyo o lumilikha ng mga karapatang kontrakt'wal.

Ang mga empleyado na nagsasangkot ng mga konsultant o nakikipagkalakalan sa mga vendor ay kailangang maging napakaingat sa pagsubaybay sa kanilang trabaho, upang ang naturang konsultant o vendor ay umaksyon sa isang pamamaraang sumusunod sa mga prinsipyo ng Gabay.

## Ano Ang Ating Mga Responsibilidad?

Sa pagtatrabaho natin sa Amkor, nangako tayo na pagtitibayin natin ang mga pinahahalagahan ng Amkor. Upang magawa ito, ang bawat isa sa atin ay may responsibilidad na:

- Alamin at sundin ang bawat titik at diwa ng mga batas, patakaran at mga panuntunan na naaang kop sa ating trabaho, maging saan pa man tayo nagnenegosyo.
- Magtrabaho nang sama-sama upang matiyak na nagagawa natin ang pinakamahusay nating trabaho,
- Magsumikap para sa mas lalo pang pinaiging pagganap, pagsumikapan ang pagsusulong ng teamwork, at suportahan ang iba habang pinagsusu mikapan nilang lumago at umunlad,
- Ipaalam ang anumang akt'wal o hinihinalang maling asal sa ating mga superbisor o, ayon sa naaangkop, sa Human Resources, sa Internal Audit, sa Legal Department, o sa Amkor Integrity Line, at
- Patotohanan na natanggap na natin ang Gabay at sumasang-ayon tayo na susunod sa mga panun tunang itinakda dito.

## Ang mga Manager ba ay may mga Karagdagang Responsibilidad?

Ang mga Manager ng Amkor ay may mga karagdagang responsibilidad sa ilalim ng Gabay. Kung Manager kayo, inaasahan kayo na:

- Maghihikayat ng isang kultura ng pagsunod sa Gabay at hihikayatin iyong mga nag-uulat sa inyo na ihayag ang anumang mga tanong o alalahanin na may kaugnayan sa trabaho, at magbigay ng tulong kapag ang mga naturang tanong o alalahanin ay ipinaalam na,
- Susubaybayan ang pagsunod sa Gabay na ito,
- Haharapin, ayon sa naaangkop, ang anumang akt'wal o hinihinalang maling asal na naobserbahan ninyo, o iniulat ninyo, at agad na ipaalam ang naturang alegasyon sa Legal Department, at
- Ipagbawal ang pagganti laban sa isang empleyado na nagtanong o nagsabi ng mga alalahanin nang may mabuting layunin.

## Ipinaliliwanag ba ng Gabay ang Lahat ng mga Pamantayan na Kailangan Kong Malaman?

Maaring may makaharap kayo na mga sitwasyon na hindi sakop ng Gabay na ito. Kung mahaharap kayo sa isang sitwasyon kung saan hindi malinaw kung alin ang pipiliin na naaayon sa etika, gamitin ang inyong pinakamahusay na paghusga at itanong sa inyong sarili ang mga gabay na tanong na ito bago umaksyon: (1) Legal ba ito? (2) Sumusunod ba ito sa diwa ng ating Gabay at sa iba pang mga patakaran? (3) Ang aksyon ko ba ay para sa higit-na-ikabubuti ng Amkor? (4) Magiging kumportable ba ako kung ang aking asal ay iuulat sa pahayagan o sa aking mga kapamilya o mga kaibigan? Kung ang sagot sa ALINMAN sa mga sagot na ito ay “hindi”, huwag nang gagawin ang naturang asal. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsagot sa mga tanong na ito, humingi ng payo mula sa inyong Manager, sa Human Resources, sa Legal Department, o sa Amkor Integrity Line bago gawin ang anumang iba pang aksyon.

Ang mga empleyado na nagsasagawa o nag-aasikaso ng mga serbisyo sa pangalan ng Amkor ay maaaring sumailalim sa mga batas ng iba’t ibang mga bansa, o depende sa mga pangyayari, ay maaaring tuloy-tuloy na sumailalim sa mga batas ng Estados Unidos . Ang bawat isa sa atin ay may responsibilidad na alamin at sundin ang mga batas na naaangkop saan man tayo nagtatrabaho para sa Amkor. Tiyakin na alam ninyo ang mga batas na angkop sa inyo.

Ang kasalukuyang bersyon ng Gabay ay makikita sa mga website ng Amkor sa internet at sa intranet, at makikita dito ang mga pangkalahatang prinsipyo upang matulungan ang mga empleyado na makagawa ng mga desisyong naaayon sa etika. Hindi ito inilaan para harapin ang bawat tukoy na sitwasyon. Dahil dito, walang kahit na ano sa Gabay na ito ang nagbabawal o naglilimita sa Amkor sa pagsasagawa ng anumang aksyong pangdisiplina sa anumang pangyayaring may kinalaman sa asal ng empleyado, maging ang mga ito man ay hayagan o hindi hayagang tinalakay sa Gabay na ito.

## Saan Ako Pupunta para Humingi ng Payo o para Mag-ulat ng isang Hinihinalang Paglabag?

Kung may tanong kayo o may gusto kayong iulat tungkol sa paglabag sa isang patakaran, sa maling rekord sa negosyo, o sa anumang isyung etikal o legal na maaaring nakaharap ninyo sa trabaho, hinihikayat kayo na makipag-ugnayan muna sa inyong Manager. Kadalasan, ang mga Manager ang pinakamainam na tao na dapat konsultahin, sapagkat siya ang tao na pinakaposibleng may pinakamaraming nalalaman tungkol sa sitwasyon na inyong kinakaharap. Kung nag-aalangan kayo na makipag-usap sa inyong Manager, o hindi ninyo kayang gawin ito, o hindi kayo nalugod sa sagot sa inyo, maaari ninyong kontakin ang alinman o sino man sa mga sumusunod:

- Ang Amkor Integrity Line: http://amkor.com/integrityline (Appendix A),
- Ang Human Resources sa loob ng lugar na inyong kinaroroonan sa Amkor (Appendix B),
- Ang Internal Audit Department sa (480-786-7577), o
- Ang Kagawaran ng Ligal: Mark Rogers, 480-786-7601; Anne Takner, 480-786-7397

Ang Amkor Integrity Line ay pinatatakbo ng isang independiyenteng taga-ikatlong partido at matatawagan 24 na oras isang araw, 7 araw sa isang linggo, mula sa anumang lokasyon sa buong mundo. Halos lahat ng wika ay suportado ng serbisyong ito, kasama na ang English, Korean, Tagalog, Japanese, Malay, Portuguese at Mandarin. Kapag tumatawag sa Amkor Integrity Line, maaari ninyong isumite ang inyong pangalan o mag-ulat kayo nang hindi nagpapakilala. Pagkatapos makapag-ulat, tatanggap kayo ng mga instruksyon tungkol sa kung paano niyo babantayan ang inyong ulat.

Ang mga ulat ng mga paglabag ay iimbestigahan sa ilalim ng superbisyon ng Legal Department o ng Audit Committee ayon sa nararapat. Tayong lahat ay kailangang makiisa sa imbestigasyon ng mga hinihinalang paglabag.

## Mahaharap ba ako sa mga kahihinatnan sa pag-uulat ng paglabag?

Sa Amkor, hindi tayo gaganti laban sa sino man dahil sa pag-uulat nang may mabuting layunin ng isang tunay o hinihinalang paglabag sa ating Gabay. Kung naniniwala kayo na ginantihan kayo dahil sa pag-uulat sa mga posibleng paglabag, makipag-ugnayan sa Legal Department o sa Amkor Integrity Line.

## Pinahihintulutan ba sa Gabay ang mga Pagpapaubaya o Waiver?

Ang mga pagpapaubaya o waiver ng anumang probisyon sa Gabay ay hindi pinahihintulutan sa pangkalahatan at, sa ano mang kaganapan, ay maaaring igawad ng Lupon ng mga Direktor lamang, sa isang kasulatan, at kailangang isiwalat alinsunod sa mga naaangkop na batas. Ang mga rekomendasyon o mga hakbang na nakasaad sa Gabay na ito ay maaring ipatupad lamang ng Lupon ng mga Direktor, sa isang kasulatan, at kailangang isiwalat alinsunod sa naaangkop na batas.

Nakatuon ang Amkor sa isang komprehensibong programa ng responsibilidad sa lipunan sa lipunan na nakahanay sa aming mga pangunahing pinahahalagahan at nag-aambag sa aming tagumpay bilang isang responsableng mamamayan ng korporasyon.

# PAGSASAGAWA NG NEGOSYO SA BAWAT ISA

## Walang Diskriminasyon

Upang maisulong ang isang positibong kapaligiran sa trabaho, dapat tayong magtulungan upang maiwasan ang mga pagkilos ng diskriminasyon sa ating lugar ng trabaho. Sa pangkalahatan, ang diskriminasyon ay nagaganap kapag ang isang tao o grupo ay ang target ng prejudicial treatment batay sa ilang mga katangian, tulad ng lahi, kulay, relihiyon, kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, pinagmulan ng bansa, ninuno, lahi ng lahi, katayuan sa beterano. pagbubuntis, impormasyong genetic, at kapansanan. Hindi kami gumawa ng anumang mga desisyon na nauugnay sa trabaho batay sa mga ito o anumang iba pang mga katangian na protektado ng batas.

## Harassment

Bilang bahagi ng ating mga pagsusumikap na makapagsulong ng isang positibong kapaligiran sa trabaho, ipinagbabawal ng Amkor ang harassment sa lugar ng trabaho. Ang harassment ay ano mang anyo ng hindi gustong asal sa isa pang tao na lumilikha, o sinadya upang lumikha, ng isang kapaligiran sa trabaho na mag-iintimida, magpapagalit, o makakasugat sa damdamin ng naturang tao. Ang harassment ay panliligalig batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, pinagmulan ng bansa, ninuno, lahi ng lahi, katayuan sa beterano. pagbubuntis, impormasyong genetic, at kapansanan o kun'di ma'y ipinagbabawal sa ilalim ng mga naaangkop na batas, ay hindi palalampasin, at mahigpit na ipinagbabawal. Kabilang sa harassment ang pasalitang harassment (mga mapanliit na pangungusap, mga paninira, pagbibigay ng masamang alyas), pisikal na harassment (asunto, pisikal na panghaharang), harassment sa pamamagitan ng mga nakikitang bagay-bagay (cartoons, pagguhit, mga karatula, e-mail), at patutsada.

Ang sekswal harassment ay isang anyo ng harassment na kinabibilangan ng mga hindi katanggap-tanggap na pananantsing, mga kahilingan na kaugnay ng pagbibi- gay ng mga sekswal na pabor, o iba pang nakikita, sinasabi, o pisikal na asal na sekswal ang katangian na:

- Ginawa ng isang termino o kondisyon para maging empleyado,
- Ginamit bilang batayan ng pagkakuha ng posisyon sa trabaho o desisyon upang iangat ang posisyon, o
- May layunin o epekto ng hindi makat'wirang pakiki alam sa trabaho o lumilikha ng isang makaka-intimi da, makakapagpagalit, o makakasakit sa damdamin na kapaligiran sa trabaho.

## Pagka-pribado

Ang ating ugnayan sa ating mga kapwa empleyado ay nakatatag sa magkatuwang na pagtitiwala at paggalang. Upang mapanatili ang mga ugnayang ito, kailangang gawin natin ang ating bahagi upang mapanatiling kumpidensiyal ang personal na impormasyon ng empleyado mula sa hindi karapat-dapat na pagsisiwalat. Maaaring kabilang sa impormasyong ito ang mga bagay-bagay na tulad ng: (1) mga rekord ng mga kawani, (2) mga rekord na medikal, (3) impormasyon tungkol sa account sa bangko, (4) mga pagkakakilanlang numero na ini-isyu ng pamahalaan, (5) tirahan, at (6) mga numero ng telepono. Maari lamang natin makamit ang personal na impormasyon kung may pahintulot tayo na gawin iyon bilang bahagi ng mga responsibilidad natin sa trabaho at ibahagi lamang ito doon sa mayroong lehitimong pangangailangan sa negosyo na malaman ang naturang impormasyon at naayon lamang sa batas.

## Mga Kasanayan sa Trabaho at mga Sahod

Nakatuon ang Amkor sa pagtataguyod sa mga karapatang pantao sa ating mga pandaigdigang operasyon at supply chain, gaya ng ipinakita sa ating Pahayag sa Pagtutuon sa mga Karapatang Pantao.

Hindi gumagamit o kinukunsinti ng Amkor ang paggamit ng sapilitang pagtatrabaho, pangangalakal ng mga tao, mapagsamantalang pagtrato sa mga manggagawa o hindi ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho. Sumusunod ang Amkor sa mga naaangkop na batas sa trabaho, kabilang ang mga batas sa pasahod at oras, at sinusuportahan ang mga kasosyo sa negosyo na gumagawa rin nito.

Sumusunod ang Amkor sa Pamantayan sa Asal ng RBA sa mga pamamaraan sa trabaho at mga sahod, na maaaring ma-access dito https://www.responsiblebusiness.org/code-of-conduct/.

## Kaligtasan at Kalusugan

Sa Amkor, napakahalaga ng kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho, makakapaghatid tayo ng ating mga pangako sa isa't isa, sa ating mga kustomer, at sa publiko.

Kung gayun, kailangang: (1) sundin ang mga batas na may kaugnayan sa kaligtasan, regulasyon, at ang mga patakaran ng Amkor ukol sa kaligtasan at mga panuntunang naisalugar sa ating mga pasilidad, at, (2) agad na iulat sa inyong Manager ang anumang mga pangyayari na maaaring magbanta sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.

## Karahasan sa lugar ng trabaho

Bilang bahagi ng ating mga pagsusumikap na makapagsulong ng isang ligtas at matiwasay na lugar sa trabaho, kailangang sama-sama tayong magtrabaho upang makapagpanatili ng isang kapaligiran sa trabaho na ligtas sa karahasan. Ipinagbabawal ng Amkor ang anumang aksyon o banta sa karahasan sa lugar ng trabaho. Ipagbigay alam kaagad sa inyong Manager ang anumang insidente ng akt'wal o bantang karahasan. Kung naniniwala kayo na may isang tao na nasa panganib, tumawag kaagad sa 911(sa Estados Unidos) o sa mga lokal na awtoridad (sa labas ng Estados Unidos).

## Alak at Abuso sa Droga

Sa pangako natin sa Amkor, kinakailangan ang malinaw na pag-iisip at agad na pag-aksyon — ang kaligtasan ng ating mga kapwa empleyado at ng mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho ay nakasalalay dito. Ang pag-abuso sa alak o droga o maling paggamit ng gamot ay nakakabawas sa kakayahan ng isang empleyado na magtrabaho sa kanyang pinakamahusay na kakayahan. Ang labag sa batas na paggamit, pagbebenta, pagbili, pamamahagi, pagmamay-ari o pagkakaroon sa sistema ng isang tao ng mga kontroladong sangkap o hindi awtorisadong droga, o mga gamot na labag sa batas - habang nasa mga lugar na sakop ng Amkor o kung saan may negosyo ang Amkor, o sa mga oras ng trabaho - ay mahigpit na ipinagbabawal. Gayundin, ang pag-abuso o maling paggamit ng kahit pa mga legal na gamot o alak habang nasa mga lugar na sakop ng Amkor o kung saan may negosyo ang Amkor, o sa mga oras ng tabaho, ay mahigpit na ipinagbabawal.

# PAGNENEGOSYO KASAMA ANG ATING MGA KUSTOMER, MGA KASOSYO SA NEGOSYO AT MGA TAGAPAGTUSTOS

## Patas na Pakikipagkalakalan

Lumalaban tayo batay sa kalidad ng ating mga produkto at serbisyo, at hindi sa pamamagitan nang hindi patas o mapanlinlang na mga gawi. Nagpapatakbo tayo ng operasyon nang may ganap na pagsunod sa batas at tatratuhin natin ang ating mga kustomer, mga kasosyo sa negosyo, at mga tagapagtustos nang may integridad at paggalang. Nakikipagkalakalan tayo nang naaayon sa etika at nagbi-bid tayo sa mga kontrata, at hindi tayo nagmamadali o gumagamit ng mga pamamaraang labag sa batas o nandaraya. Kung nagsasagawa ng marketing, advertising, at mga pang-promosyonal na gawain, hindi tayo: (1) nagbibigay ng maling representasyon ng ating mga produkto o serbisyo, (2) gumagawa nang hindi patas na paghahambing sa pagitan ng ating mga produkto o serbisyo at doon sa ating mga kalaban, o (3) naninira sa mga produkto o serbisyo ng ating mga kalaban.

## Impormasyong Kaugnay ng Kompetisyon

Nangangalap tayo ng impormasyon tungkol sa ating mga kalaban sa isang pamamaraang naaayon sa batas at etika. Sa isang banda, nangangahulugan ito na hindi ninyo maaaring hingin sa isang katrabaho o sa isang taga-labas na partido na maglabas ng makabuluhang impormasyon tungkol sa isang dating nagpa-empleyo, kustomer, o kasosyo sa negosyo, kung ang naturang gawain ay magiging dahilan upang lumabag sila sa batas o sa isang kasunduan sa ilalim ng batas. Kabaligtaran nito, kung may makikita kayong kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa isang kalaban na maaaring naisiwalat sa inyo o sa isang tao sa Amkor nang hindi sinasadya, huwag ninyo itong isisiwalat sa iba at humingi ng payo mula sa Legal Department.

## Mga Batas Ukol sa Antitrust

Ang mga batas ay pinairal na sa maraming mga bansa upang maghikayat ng kompetisyon at malayang enterprise. Ang mga batas na ito, na kilala bilang mga batas ukol sa antitrust, ay dinisenyo upang pigilan ang mga gawain na pumipigil sa pakikipagkalakalan, at upang isulong ang malalayang prinsipyo sa merkado na nagsu-sustena ng ating kinalalagyan sa pandaigdigang merkado. Lahat ng mga empleyado ng Amkor, at partikular na iyong mga sangkot sa marketing, sales, purchasing, o mga kontrata, ay dapat na maging pamilyar sa mga batas ukol sa antitrust, at sa mga regulasyon na angkop sa mga responsibilidad ng kanilang mga trabaho.

May pangako tayo sa masigasig ngunit patas na pakikipaglaban para sa mga tagapagtustos at kustomer. Sa pangkalahatan, kailangang hindi tayo kahit kailan gumawa ng mga pormal o hindi impormal na kasunduan sa mga kalaban, tagapagtustos , distributor o kontraktor na naglilimita ng kalakalan o kompetisyon. Halimbawa, hindi natin dapat gawin ang alinman sa mga sumusunod sa sino mang kalaban: (1) magtalakay o magsabi ng impormasyon tungkol sa presyo o anumang termino na nakaka-apekto sa pagpepresyo o sa antas ng produksyon, (2) magpigil o magtakda ng mga presyo, (3) mag-boykot ng ibang mga kustomer o supplier, (4), maglaan o maghati ng mga produkto, teritoryo, merkado o kustomer o (5) maglimita o magbawas ng produksyon.

Ang mga paglabag sa mga batas ukol sa antitrust ay maaaring magresulta sa mga demandang kriminal laban sa parehong korporasyon o indibidwal, at napakahalagang komunsulta kayo sa Legal Department kung sangkot kayo sa, o may naobserbahan kayong gawain, na maaaring pagmulan ng isang isyung may kaugnayan sa Antitrust.

## Kalidad ng Produkto

Itinatag natin ang ating reputasyon sa pamamagitan ng mga produkto, tao, at serbisyo na may mataas na kalidad. Kung gayun, kritikal na ang bawat produkto na ating ginagawa at ang bawat serbisyo na ating ipinagkakaloob ay makatupad o lumampas sa ating mga pamantayan para sa pagkokontrol ng kalidad. Kakailanganin dito na tayo ay: (1) mag-manufacture ng ating mga produkto alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, at (2) magtrabaho upang maabot ang mga pamantayan ng mataas na kalidad sa tuwing pinapaigi, ginagawa, ihinahatid, o sinusuportahan ang ating mga produkto. Ipaalam sa inyong Manager ang: (1) anumang sitwasyon kung saan alam ninyo o may hinala kayo na hindi naabot ang mga pamantayan ng pagkokontrol sa kalidad, o (2) may ideya kayo para mapaigi ang kalidad o husay ng alinman sa ating mga produkto o proseso.

## Kumpidensiyal na Impormasyon tungkol sa mga Kustomer, Tagapagtustos at Iba Pa

Bilang bahagi ng pagkukumpleto ng mga responsibilidad natin sa trabaho, marami sa atin ang makakakuha ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa ating mga kustomer, kasosyo sa negosyo, tagapagtustos at iba pang mga partido.

QualityFIRST

Ang matagumpay na disenyo, pagbuo at kwalipikasyon

Maghatid ng mga produkto at serbisyo na zero-defect sa ating mga customer

Walang kamalian na pagpapatupad sa buong organisasyon at lahat ng tungkulin sa trabaho

May tungkulin tayo na protektahan ang naturang kumpidensiyal na impormasyon at sundin ang mga naaangkop na batas at regulasyon. Kailangan ding sumunod tayo sa mga termino ng anumang obligasyong kontrakt'wal na ipinataw ng mga pakikipag-ugnayan natin sa mga naturang indibidwal o grupo, kasama na ang anumang hindi pagsisiwalat ng mga kasunduang pinirmahan na natin, at anumang mga pariralang may kaugnayan sa pagka-kumpidensiyal sa mga kontrata ng Amkor. Upang matiyak na pinangangasiwaan natin nang maayos ang kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa mga taga-ikatlong partido, kailangang maging maingat tayo na hindi kahit kailan:

- Magbabahagi ng kumpidensiyal na impormasyon mula sa isang kustomer, tagapagtustos o iba pang kasosyo sa negosyo, sa sino mang taga-ikatlong partido o sa sino mang iba pang empleyado ng Amkor na wala namang dahilan na may kaugnayan sa negosyo na makaalam ng naturang impormasyon,
- Magbahagi ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa dating nag-empleyo sa inyo sa kahit na sino sa Amkor o sa labas ng Amkor,
- Gumamit ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa isang taga-ikatlong partido na hindi naman sinasadyang naibigay sa atin,
- Gumamit ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa isang taga-ikatlong partido para sa personal na paggamit o para sa personal na kapakinabangan, kasama na ang para sa kapak inabangan ng mga kaibigan o kapamilya, o para sa anumang iba pang layunin na iba pa sa isang balidong layunin sa negosyo, o
- Mag-download ng hindi lisensiyadong software papunta sa isang computer ng Amkor, o gumamit o komopya ng mga dokumento o materyal na protektado ng karapatang ari, nang walang tuwirang permiso mula sa may-ari ng karapatang-ari.

# PAGNENEGOSYO SA ATING MGA KOMUNIDAD

## Responsibilidad ng Korporasyon sa Lipunan

Sa Amkor, seryoso nating inaako ang mga responsibilidad at obligasyon na kaakibat ng pagiging isang pandaigdigang korporasyon. Nanindigan tayo sa pagtupad sa mga naturang responsibilidad at obligasyon sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagnenegosyo at nagsusumikap tayo na makabuo ng isang positibong epekto sa lipunan, sa pamamagitan ng ating mga aktibidad kasama ang mga kustomer, mga kasosyo sa negosyo, at mga tagapagtustos.

At dahil diyan, Ang Amkor ay sumali sa Responsible Business Alliance (RBA), dating kilala bilang sa Electronic Industry Citizenship Coalition (EICC) na itinatag upang paigihin ang mga kondisyong panglipunan, pang-ekonomiya, at pangkapaligiran sa pandaigdigang electronic supply chain, sa pamamagitan ng paggamit ng isang Gabay ng asal na inilagay sa pamantayan. Ang EICC Code ay nagkakaloob ng mga panuntunan para sa pagsasagawa at para sa pagsunod ng mga kritikal na responsibilidad ng korporasyon sa lipunan, sa larangan ng labor o paggawa, kalusugan at kaligtasan, kapalagiran, mga sistema ng pangangasiwa, at etika, at maaari itong i-akses sa http://www.responsiblebusiness.org/.

## Mga Batas Laban sa Kurapsyon

Napapailalim tayo sa iba't ibang batas laban sa katiwalian saanman tayo nagnenegosyo, kabilang ang United States Foreign Corrupt Practices Act (FCPA). Ang mga batas na ito laban sa katiwalian ay idinisenyo upang maiwasan ang panunuhol at ang iba pang mga gawain na katiwalian at upang maitaguyod ang integridad at pananagutan sa parehong pampublikong pagbili at komersyal na mga transaksyon.

Mahigpit na ipinagbabawal ng Amkor ang lahat ng anyo ng panunuhol at katiwalian ng mga empleyado nito at ng mga ikatlong partido na kasosyo nito sa negosyo. Ang aming mga empleyado at mga kasosyo sa negosyo ay hindi dapat kailanman - direkta o hindi direkta - na mag-alok, mangako, tumanggap o mangasiwa ng mga suhol o kupit, o makisali sa iba pang mga tiwaling aktibidad na inilaan para maimpluwensyahan ang paggawa ng desisyon ng tatanggap at/o makakuha ng hindi nararapat na kalamangan. Maaaring may maraming anyo ang mga panunuhol at pagkupit, kabilang ang pera, regalo, libangan, pabor, donasyon o iba pang pabuya o benepisyo.

Bagama't nalalapat ang pagbabawal na ito sa parehong mga pakikipag-ugnayan sa pampubliko at pribadong sektor, dapat tayong mag-ingat kapag nakikipag-ugnayan sa isang entidad ng pamahalaan o opisyal ng pamahalaan. Malawak ang kahulugan ng "Pamahalaan" at kabilang dito ang anumang departamento, ahensya, opisina, o instrumentalidad ng pamahalaan sa anumang antas, kabilang ang kumpanyang pagmamay-ari o kontrolado ng pamahalaan o pampublikong institusyon, pampublikong internasyonal na organisasyon, partidong pampulitika, o maharlikang pamilya.

Kung nakatanggap ka ng kahilingan para sa suhol, o nalaman mo ang iba pang potensyal na tiwaling aktibidad, makipag-ugnayan ka kaagad sa Departamento ng Legal.

## Anti-Money Laundering

Ang anti-money laundering ay tumutukoy sa mga batas, regulasyon, at pamamaraan na naglalayong pigilan ang mga kriminal na itago ang pinagmulan ng mga pondong nakuha mula sa ipinagbabawal na aktibidad sa pamamagitan ng panlilinlang na ang pera o pondo ay galing sa isang lehitimong pinagmulan. Ipinagbabawal ng Amkor ang sadyang pagsali sa mga transaksyon na sumusuporta o nangangasiwa

sa money laundering o pagpopondo ng mga terorista o iba pang mga kriminal na aktibidad. Binabawasan namin ang mga panganib sa mga ganitong pamamaraan sa pamamagitan ng pag-screen ng mga gawain para matiyak na hindi kami nakikipagtransaksyon ng negosyo sa mga indibidwal o entidad na nasa listahan ng mga parusa sa U.S. at internasyonal. Sa mga nakikibahagi sa amin sa mga transaksyong may kinalaman sa mga pagbabayad na ginawa sa o mula sa Amkor ay dapat makakuha ng sapat na impormasyon sa aktibidad ng negosyo at kaukulang transaksyon. Responsibilidad ng bawat empleyado ng Amkor, saan man matatagpuan, na maging mapagbantay at napapanahong mag-ulat ng mga paghihinala na may kaugnayan sa money laundering.

## Mga Kontrol Pangkalakalan

Ganap na nakatuon ang Amkor sa pagsunod sa mga batas sa pag-import at pag-export at mga regulasyon ng lahat ng mga bansa kung saan tayo ay nangangalakal. Kasama dito ang Mga Regulasyon sa Pamamahala ng Export ng Estados Unidos (EAR), ang mga regulasyon ng Kagawaran ng Treasury Office ng Foreign Assets Control (OFAC) ng Estados Unidos, at ang Kagawaran ng Pang-internasyonal na Trapiko sa Arms ng Estados Unidos (ITAR). Ang bawat empleyado ng Amkor, kung saan matatagpuan, ay dapat sumunod sa pangako na ito, at gumawa ng naaangkop na aksyon upang matiyak na ang Amkor ay hindi lumalabag sa anumang pandaigdigang batas sa kalakalan o regulasyon. Yaong sa atin na nakikipag-ugnayan sa mga pag-export, import at kaugalian ay dapat na alamin at masigasig na sundin ang mga kontrol sa kalakalan na kinokontrol ang mga transaksyon sa pandaigdigang pangkalakalan kabilang ang mga parusa sa ekonomiya at pang-ekonomiya na pinamamahalaan ng OFAC.

Mahalagang tandaan na ang mga kontrol sa kalakalan ay hindi nalalapat lamang sa mga pisikal na kalakal. Nalalapat din sila sa paglilipat ng teknolohiya at teknikal na data, software, impormasyon, pananaliksik, at iba pang intelektuwal na pag-aari na ipinagpapalit natin sa aming mga customer at supplier. Ang ganitong mga paglilipat at pagpapalitan ay maaaring mangyari sa iba't ibang mga paraan, kabilang ang email, telepono, fax, diskusyon sa mukha, paglipat ng elektronik o pag-access sa mga pasilidad ng Amkor o mga computer system.

## Mga Batas Laban sa Pagboboykot

Hinihingi sa Amkor na iulat sa pamahalaan ng Estados Unidos ang anumang kahilingan kaugnay ng mga "walang sanksyon" na banyagang pagbo-boykot o mga kaugnay na gawing nakakapaglimita sa pangangalakal. Ang "walang sanksyon" ay nangangahulugan na kung ang bansa kung saan tayo nagnenegosyo ay kumikilala sa isang pagbo-boykot na hindi pinahintulutan ng Estados Unidos, hindi tayo makakasali, o maaaring makiisa, sa naturang boykot. Ang mga empleyado ay hindi maaaring gumawa ng anumang aksyon, magbigay ng anumang impormasyon, o maghayag ng anumang deklarasyon na maaaring tingnan na isang pagsali sa isang labag sa batas na banyagang pag-boykot. Kung makakatanggap kayo ng mga kaugnay sa pagboykot na kahilingan para sa impormasyon, maging sinalita man o isinulat, makipag-ugnayan kaagad sa Legal Department.

## Pagmamalasakit sa Kapaligiran

Habang isinasagawa ang mga gawain natin sa negosyo, pinagsusumikapan nating mapakonti ang panganib ng anumang taliwas na epekto sa kapaligiran. Tayo ay mga magagalang at responsableng tagapangasiwa ng kapaligiran at kung gayun, kailangan nating: (1) sumunod sa mga mahahalagang batas at regulasyon sa kapaligiran, (2) kumilos upang mapakonti ang mga panganib sa kapaligiran sa pamamagitan nang wastong pagtatago, pagbibiyahe at pagtatapon ng mga mapapanganib na basura, at (3) makuha at mapanatili ang lahat ng mga permit at kinakailangang pagsang-ayon para sa pagsasagawa ng ating mga operasyon, at ang naaangkop na paghahawak, pagtatago at pagtatapon ng mga regulated na materyal, kasama na ang mapanganib na basura, at (4) ang nasa panahon at wastong pagsusumite ng mga kinakailangang ulat na may kinalaman sa pagsubaybay sa kapaligiran, o sa mga posibleng paglabag sa mga naaangkop na ahensiya ng gobyerno.

## Mga Kontribusyong Pulitikal ng Korporasyon

Ang mga korporasyon ay nakapailalim sa mga mahihigpit na batas ukol sa mga gawaing pulitikal sa ilalim ng mga batas pederal, pang-estado at pang-lungsod ng Estados Unidos at ng mga batas ng ibang mga bansa. Ang mga empleyado lamang ng Amkor na may tukoy na pahintulot magsagawa ng ganito at kung pinahihintulutan ng local na batas ay maaaring magbigay ng mga kontribusyong pulitikal sa pangalan ng Amkor, at kailangang pahintulutan ng Legal Department. Maaaring kabilang sa mga naturang kontribusyon ang paggamit ng mga kayamanan ng Amkor (tulad ng mga kawani, kagamitan, supplies, oras at mga pondo) upang mapakinabangan ng mga partidong pulitikal o mga kandidato, pati na ang pagbili ng mga tiket para sa mga kaganapang may kaugnayan sa pangangalap ng pondo. Hindi tayo nagbibigay ng kontribusyon na may inaasahang maiimpluwensiyahan natin ang ng mga tungkulin ng pamahalaan. Malaya ninyong magagamit ang inyong karapatan na magbigay ng mga personal na kontribusyong sa loob ng hangganang pinahihintulutan ng batas, pero ang pagbabalik sa inyo ng Amkor sa ibinigay ninyong kontribusyong politikal ay ipinagbabawal.

## Pagkontrata ng Pamahalaan ng U.S.

Ang mga korporasyong pumapasok sa mga kontrata ng produkto o serbisyo sa Pamahalaan ng U.S., o tumatanggap ng mga gawad o parangal ng Pamahalaan ng U.S., ay napapailalim sa mga espesyal na regulasyon at natatanging kinakailangan sa pagkuha at pagganap. Kapag nakikilahok sa mga programa ng Pamahalaan ng U.S., direkta man o hindi direkta sa pamamagitan ng mga kontratista ng gobyerno, nakatuon ang Amkor sa pagsunod sa mga naaangkop na tuntunin at pamantayan. Mahalagang maunawaan ng mga empleyadong kasangkot sa mga programang ito ang anumang natatanging pangangailangan at humingi ng patnubay mula sa Departamento ng Legal.

Kinikilala ng Amkor ang kritikal na kahalagahan ng isang malusog na kapaligiran sa ating pandaigdigang lipunan, ating ekonomiya, ating negosyo at ating mga empleyado.

# PAGNENEGOSYO NA ISINASAISIP ANG ATING MGA KASOSYO

## Pangalagaan ng Wasto ang mga Rekord

Ang kredibilidad ng Amkor, ang pagsunod sa mga batas na nangangailangan nang ganap, patas, wasto, at napapanahong pagsisiwalat sa mga ulat at dokumento, ay nakasalalay sa integridad ng mga rekord na naghahatid ng mga impormasyong may kaugnayan sa kompanya. Ang mga rekord na nilikha at isinumite natin bilang bahagi ng ating mga pang-araw-araw na tungkulin sa trabaho - kabilang na ang mga rekord ng produksyon, mga kontrata, mga purchase order, mga invoice, mga rekord ng oras at mga ulat ukol sa gastos - ay maaaring may epekto sa mga impormasyong pinansiyal na isinisiwalat ng Amkor sa publiko. Utang na loob natin sa ating mga kasosyo at mga kustomer na tiyakin na ang ating impormasyon ay wasto, napapanahon, kumpleto, patas at maaaring i-awdit. Dito ay matitiyak na nasasabi natin ang isang wastong pahayag tungkol sa kalagayang pinansiyal ng Amkor at ang mga resulta ng ating mga operasyon. Hindi natin sinusuportahan o binabalewala ang paghahanda ng mga maling rekord sa ilalim ng kahit anupamang mga kaganapan.

Bilang bahagi ng ating pangako sa pagnenegosyo nang may integridad, kailangang gawin natin ang ating bahagi upang matiyak na ang mga librong pinansiyal ng Amkor at ang mga rekord ay panatilihin nang maayos, alinsunod sa lahat ng mga batas, mga panlabas na hinihingi ng accounting, ng mga patakaran ng Amkor, at mga pamamaraang kaugnay ng mga panloob na kontrol. Halimbawa:

- Depende sa inyong posisyon, maaari kayong tawagin upang magbigay ng impormasyon upang matiyak na ang mga ulat pinansyal ng Amkor ay wasto at nakasunod sa mga hinihingi ng batas, ng mga tagapagsasaayos, at ng accounting.
- Lahat ng mga empleyado na may tungkulin na pangsuperbisor ay kailangang magtatag at magpatupad ng mga naaangkop na panloob na kontrol sa accounting sa lahat ng mga larangang sakop ng kanilang mga responsibilidad, upang mabantayan ang mga ari-arian ng Amkor at ang kawastuhan ng mga rekord pinansiyal at mga ulat nito.
- Lahat ng mga empleyado ay inaasahang susunod sa mga pamamaraan at gawi ng Amkor sa pagpapanatili ng mga kontrol sa mga pinansiyal na bagay-bagay alinsunod sa mga panloob na pangangailangan at mga kinakailangan ng mga naaangkop na batas at regulasyon, at magbibigay nang mabilisan at wastong impormasyon na may kaugnayan sa mga kakailanganin ng mga naturang pagsisiwalat.

Kumukuha tayo ng mga awditor upang matiyak na ang pamamaraan kung paano tayong nagnenegosyo at nagtatago ng mga rekord ay naaayon sa mga makabuluhang batas at mga pamantayan ng accounting. Kailangang makiisa tayo sa mga awditor at tiyakin na ang sino man na umaaksyon sa ilalim ng ating direksyon ay nakikiisa rin sa mga awditor. Walang sino man sa Amkor ang gagawa ng anumang aksyon, direkta man o hindi direkta, na may pandarayang mang-iimpluwensiya, mananakot, magmamanipula o magliligaw sa mga panlabas at panloob na awditor ng Amkor. Ang paglabag sa mga probisyong ito ay maaaring magsailalim sa lumabag sa makabuluhang kaparusahang sibil at kriminal at pagkaalis sa trabaho.

## Pagpapanatili ng mga Rekord

Ang pagpapanatili ng mga rekord ay isang mahalagang bahagi ng pangako natin sa ating mga kasosyo. Kailangang panatilihin natin ang naaangkop na ebidensiya ng mga transaksyon ng Amkor upang makasunod sa mga batas at regulasyon, at upang makatupad sa mga kinakailangan ng negosyo at operasyon. Kailangang: (1) sumunod tayo sa anumang mga instruksyon ng batas na huminto muna na sinabi sa atin ng Legal Department, at (2) palaging nasa isip natin na labag sa batas ang sadyang pagsira sa mga rekord na ukol sa mga inaabangan o tapos nang mga imbestigasyon, awdit, o litigasyon.

## Mga Imbestigasyong Internal at Pang-pamahalaan

Sa pana-panahon, nagsasagawa ang Amkor ng mga imbestigasyong internal ukol sa mga isyung may kinalaman sa etika at pagsunod. Hinihingi sa atin na makiisa at magbigay ng kumpletong impormasyon kaugnay ng isang imbestigasyon. Dagdag pa rito, inaasahan sa atin na ganap tayong makikiisa sa alinmang imbestigasyon ng pamahalaan. Kung may malalaman kayong isang posibleng subpoena mula sa pamahalaan, inbestigasyon, o pagtatanong, ipaalam ito sa kaagad sa Legal Department. Hangga't hindi pa ninyo nalilinaw sa Legal Department, huwag tatalakayin ang pangyayari sa kahit na sino sa loob o labas ng Amkor. Tandaan na sa ilang mga pagkakatataon, maaaring tingnan ng pamahalaan ang mga naturang pagsisiwalat na mga pampabagal sa imbestigasyon. Isumite ang anumang subpoena o nakasulat na kahilingan para sa impormasyon sa Legal Department bago magsagawa o mangako ng anumang aksyon.

## Mga Ari-Ariang Pisikal

Sa pagtatrabaho sa Amkor, nangangako kayo na maayos na gagamitin at panatilihin ang mga ari-ariang pisikal, kasama na ang mga kagamitan, materyales, at pasilidad. Para makatupad sa pangakong ito, kailangang pairalin ninyo ang inyong mahusay na paghuhusga upang hindi magkamali sa paggamit ng mga ari-arian ng Amkor at upang hindi masayang ang mga ito. Ang walang ingat, hindi mahusay, labag sa batas na paggamit ng ari-arian ng Amkor ay nakakasakit sa ating lahat.

## Kumpidensiyal o Pag-aaring Impormasyon ng Amkor

Marami sa atin ang may akses sa kumpidensiyal o pag-aaring impormasyon ng Amkor. Sa pangkalahatan, ang kumpidensiyal o pag-aaring impormasyon ay naglalarawan ng impormasyon na hindi pampubliko at makakasama sa pangunguna ng Amkor sa larangan ng kompetisyon, kung ang mga ito ay isisiwalat sa ating mga kalaban o sa publiko. Ang sumusunod ay ilan sa mga halimbawa ng mga kumpidensiyal o pag-aaring impormasyon:

- Hindi inilathalang datos pinansiyal, kasama na ang kung gaano ang naibenta at ang kinita,
- Pagpepresyo ng produkto,
- Ari-ariang intelekt'wal, tulad ng mga imbensyon, karapatang-ari, disenyo ng mga produkto at patente, at
- Pananaliksik at mga planong may kaugnayan sa pagpapaigi ng produkto.

Hindi natin dapat ibahagi kahit kailan ang anumang anyo ng kumpidensiyal o pag-aaring impormasyon sa kahit na sino man na walang kadahilanang may kinalaman sa negosyo na malaman ang

naturang impormasyon, nasa loob o labas man ng Amkor. Kailangang maging maingat tayo habang nakikipagtalakayan ng mga maseselang impormasyon sa mga pampublikong lugar at sundin ang lahat ng mga hakbang para sa seguridad at mga pamamaraang para sa panloob na kontrol para sa paggamit at pagtatago ng mga impormasyon sa Amkor.

Mananatili sa Amkor ang pag-aari ng anumang kumpidensiyal o pag-aaring impormasyon na maaaring nakuha ninyo, nagawa, o napag-isipan bilang resulta ng trabahong isinagawa sa pangalan ng Amkor. Ang inyong obligasyon na protektahan ang impormasyong ito ay magpapatuloy hanggang sa pagkatapos ng panahong hindi na kayo nagtatrabaho sa Amkor. Gayunpaman, wala sa probisyong ito o Code na may kinalaman sa kumpidensyalidad ay pumipigil sa inyo o sinumang empleyado ng Amkor, sa paguulat sa mga awtoridad ng pamahalaan ng mga paglabag, o ibang pagbubunyag, na napoprotektahan sa ilalim ng whistleblower probisyon ng pinaiiral na batas.

## Naaangkop na Paggamit ng mga Elektronikong Pag-aaring Yaman ng Amkor

Marami sa atin ang gumagamit ng mga elektronikong pag-aaring yaman - tulad ng hardware, software, computer, telepono, mga mobile device at mga information system - para sa ating mga pang-araw-araw na gawain. Kailangang gamitin ninyo ang mga elektronikong pag-aaring yaman na ibinibigay ng Amkor sa inyo sa isang pamamaraang may paggalang at naaayon sa etika. Kung gayun, kailangang:

- Gamitin sa responsableng pamamaraan ang mga computer ng Amkor at para sa mga layuning pang-negosyo ng Amkor, at tinitiyak na ang anumang personal na paggamit ay makat'wiran at minimal,
- Protektahan ang seguridad ng mga identification badge, access card, password, cell phone, personal computer, at information technology systems, at
- Paka-ingatan ang pagbabalangkas ng mga elektron ikong mensahe.

Sa ilalim ng lokal na batas, maaaring subaybayan ng Amkor ang paggamit ng inyong mga electronikong pag-aaring yaman upang matiyak na ang mga iyon ay nagagamit nang maayos. Hindi kayo dapat na umasa ng pagkapribado sa alinmang elektronikong mensahe na binalangkas o ipinadala sa pamamagitan ng mga elektronikong sistema ng Amkor. Dagdag pa rito, reserbado sa Amkor ang karapatan na harangan ang akses sa mga website na nanggagalit, labag sa batas, at walang kaugnayan sa negosyo, at harangan ang anumang mensahe o file na ipinadala sa pamamagitan na, o itinago sa mga sistema nito na, ipinapalagay na hindi nararapat, kung saan pinahihintulutan ng batas.

## Komunikasyong Pampubliko

Ang reputasyon ng Amkor ay isang mahalagang ari-arian at may responsibilidad tayong lahat na protektahan ito. Upang mapanatili ang reputasyong ito, kailangang tiyakin natin na ang ating pakikipagtalakayan sa publiko ay wasto at hindi pabago-bago. Nangangahulugan ito na: (1) mga itinalagang tagapagsalita lamang ang maaaring magsalita sa pangalan ng Amkor, (2) hindi ninyo dapat pagbigyan ang anumang mga kahilingan mula sa media, mga imbestor, o mga analyst, o iba pang mga taga-labas na partido, at (3) hindi kayo dapat magpaskil ng anumang tungkol sa, o patukoy sa Amkor, sa anumang pampublikong forum, kasama na ang internet.

Kung haharap kayo sa isang inquiry o pagtatanong o kahilingan para sa impormasyon mula sa media, sa isang imbentor, o mula sa iba pang taga-labas na partido, kailangang idulog ninyo ang naturang pagtatanong o kahilingan sa Corporate Communications, (480-786-7594).

## Social Media

Sa social media, malabo ang mga linya sa pagitan ng publiko at pribado, at sa personal at propesyonal. Sa pamamagitan lamang ng pagkilala sa iyong sarili bilang empleyado ng Amkor, lumilikha ka ng mga pananaw tungkol sa iyong propesyonalismo at tungkol sa Amkor sa mga shareholder, kostumer, at pangkalahatang publiko na maaaring makaapekto sa reputasyon at interes sa negosyo ng Amkor. Gumawa ng mga karagdagang pag-iingat kapag lumilikha ng draft ng mga online na komunikasyon at isaalang-alang kung paano sinasalamin ng mga ito ang Amkor.

## Pag-iwas sa mga Salungat sa Interes

Sa Amkor, nagtatrabaho tayo bilang isang team o pangkat upang maabot ang ating pinagsama-samang layunin. Kung gayun, ang mga desisyon natin sa negosyo ay kailangang gawin para sa pinaka-ikabubuti ng Amkor at hindi batay sa ating mga personal o panlabas na interes. Upang matiyak na kumikilos tayo para sa pinaka-ikabubuti ng Amkor at upang mapanatili natin ang ating kredibilidad sa mga mata ng ating mga kustomer at kasosyo, kailangan iwasan natin ang mga salungat sa interes. Ang "salungat sa interes" ay nangyayari kapag ang ating mga personal na interes o iyong mga para sa isang kapamilya o malapit na kaibigan, ay mukhang, humaharang sa, o may salungat na epekto sa, mga interes ng Amkor. Ang mga naturang hidwaan ay maaaring makapigil sa atin sa paggawa ng matatalino, may nilalayon at tapat na mga desisyon sa negosyo para sa pangalan ng Amkor.

Bagama't maaaring hindi praktikal ang ilista ang bawat sitwasyon kung saan ang isang salungat sa interes ay maaaring mangyari, ang ating Gabay ay nagtatakda ng mga panuntunan para sa mga karaniwang hamon at hinihingi sa atin na isiwalat natin ang lahat ng mga akt'wal o posibleng salungat sa interes sa ating Manager at Human Resources.

### Mga Regalo at Paglilibang

Ang patakaran at mga gawi ng Amkor ay naghihikayat sa paggamit ng matalinong paghusga, diskresyon, at pagkamalumanay sa pagbibigay o sa pagtanggap ng mga regalo o mga paglilibang, sa mga pakikipakalakalan sa negosyo. Inaasahan sa atin na makakapagdesisyon tayo para sa negosyo, para sa mga kadahilanang pang-negosyo at hindi dahil sa kahit papaano'y tumanggap tayo ng isang personal na kapakinabangan. Hindi tayo dapat tumanggap ng anumang mga regalo, personal na serbisyo, o mga pabor mula sa sino mang tao o negosyo na nagsasagawa ng negosyo sa Amkor kung ang ating pagtanggap ay lilikha ng isang pangyayaring magmumukha na walang kaangkupan. Ang pagtanggap ng anumang regalo na may higit pa sa halagang tamang-tama lamang o ang maglibang na hindi naman konektado sa isang layunin sa negosyo o ang pagkakaroon ng sobrang halaga ay maaaring magmukhang isang pagtatangka na maapektuhan ang tumanggap na paboran sa hindi naaangkop na pamamaraan ang isang partikular na tao,entity o ugnayan sa negosyo at kung gayun ay dapat na iwasan. Ang pagbibigay ng regalo at mga gawing kaugnay ng paglilibang ay maaaring magkaiba-iba sa iba't ibang kultura; gayunpaman, anumang mga regalo at paglilibang na ibinigay ay kailangang sumunod sa batas, at kailangang hindi lumabag sa mga patakaran ng Amkor. Hindi tayo nanghihingi ng mga regalo, paglilibang, o mga pabor na may anumang halaga mula sa mga tao o kompanya kung saan may nangyayaring akt'wal na negosyo o posibleng magkaroon ng negosyo sa Amkor. Gayundin, hindi tayo kumikilos sa isang pamamaraan na maglalagay sa sino mang vendor o kustomer sa isang posisyon kung saan maaari niyang maramdaman na naoobliga siya na magregalo, maglabas para maglibang, o magbigay ng mga personal na pabor upang makapagnegosyo sa Amkor o maipagpatuloy ang negosyo sa Amkor.

Ang mga patakarang ito ay angkop hindi lamang sa mga aktibidad ng mga empleyado ng Amkor, kun'di pati na rin sa kanilang mga kapamilya at mga kaibigan. Halimbawa, ang isang regalo na tinanggap ng isang asawa, isang malapit sa kanya o iba pang miyembro ng pamilya mula sa isang tagapagtustos o kustomer, ay maaaring lumikha ng katulad na salungat na interes na para bang ang empleyado ang personal na tumanggap ng regalo.

### Pinansiyal na Interes at mga Pamumuhunan (Investments)

Ang pagkakaroon ng pinansiyal na interes o investment sa isa sa mga kalaban ng Amkor o sa isang akt'wal o posibleng kustomer, reseller o tagapagtustos (alinman nang direkta o dumaan sa holdings ng isang napakalapit na miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan) ay nagpapakita ng isang sitwasyon na maaaring pagmulan ng ang isang salungat sa interes. Kung gayun, hindi ka maaaring magkaroon ng isang direkta o hindi direktang pinansiyal na interes, na may sapat na kahalagahan para maka-impluwensiya ng isang resulta, sa isang

kalaban, kustomer, reseller, o tagapagtustos, kung ikaw o iyong mga nasa ilalim mo ay direktang nakikipagkalakalan sa naturang kalaban, kustomer, reseller, o tagapagtustos, sa iyong pagtatrabaho. Maaaring kabilang sa mga ipinagbabawal na pinansiyal na interes ang pagtanggap ng mga pautang o mga garantiya ng ibang mga obligasyon, na iba pa sa mga ikatlong partido, mga transaksyong abot-kamay na sa ordinaryong kurso ng negosyo, mula sa isang kalaban, kustomer, reseller, o tagapagtustos.

Dagdag pa rito, ang direkta o hindi direktang pagpasok sa isang transaksyon, kasama na ang mga naging resultang transaksyon, kung saan maaari kang makinabang mula sa isang pagbaba sa presyo ng stock ng Amkor, ay maaari ring magpakita ng isang salungat sa interes. Gayundin, hindi kayo makakapasok sa anumang naturang transaksyon, kasama na ang pagsho-short sales, pag-swap, pagkakalat ng pusta o paglalagay ng opsyon.

## Pagnenegosyo kasama ang Ating mga Kapamilya at Kaibigan

Kung minsan, ang ating mga malalapit na kapamilya at malalapit na kaibigan ay maaaring may personal na sosyo sa isa sa mga kakompetensya ng Amkor, o sa isang akt'wal o posibleng kustomer, reseller o tagapagtustos. Sa pangkalahatan ay katanggap-tanggap ito; gayunpaman, kailangan talagang maging maingat tayo upang maiwasan ang anumang salungat sa interes o kahit pa ang magmukhang isang salungat sa interes, na maaaring maging resulta ng mga sitwasyong ito. Maaaring hindi tayo kahit kailan makaka-impluwensiya, o mukhang makaka-impluwensiya, sa mga ugnayan natin sa negosyo bilang isang resulta ng ating mga ugnayang personal. Sa isang bahagi, nangangahulugan ito na hindi tayo dapat magtangka na impluwensiyahan ang bidding o negosasyon sa anumang paraan. Dagdag pa rito, kung sangkot tayo sa proseso ng pagpili ng tagapagtustos o iba pang mga negosasyon sa isang kustomer at ang ating mga kaibigan o kapamilya ay may personal na sosyo sa naturang posibleng tagapagtustos o kustomer, kailangang Ipagbigay alam natin agad ang sitwasyon sa ating Manager.

## Pagnenegosyo sa Labas

Hindi natin dapat dalhin ang pagkakatrabaho sa labas na humaharang sa kakayahan natin na magawa ang ating trabaho o pumipigil sa atin na magampanan ang mga tungkulin ng ating trabaho nang may magandang nilalayon, na labanan ang mga aktibidad ng Amkor, magpapalagay na mukhang nag-iisponsor o sumusuporta ang Amkor sa pagka-empleyo sa labas o organisasyon, o kun'di ma'y taliwas ang epekto sa Amkor. Kabilang dito ang pagsisilbi bilang isang kontratista, konsultant, o tagapagtustos. Lulat ang anumang mga oportunidad ng pagka-empleyo sa labas sa naaangkop na Manager at sa Human Resources para sa isang determinasyon tungkol sa mga posibleng salungat sa interes, bago tanggapin ang posisyon.

Kailangang pairalin natin ang mahusay na paghuhusga kapag hiniling sa atin na maglingkod sa lupon ng mga direktor, lupong tagapayo, komite o opisyal ng iba pang organisasyon, na maaaring pagmulan ng isang akt'wal o mukhang salungat sa interes. Bago tanggapin ang isang posisyon sa isang organisasyon (kasama na ang mga non-profit na organisasyon) na maaaring sa anumang pamamaraan ay may kaugnayan sa ating negosyo, kailangang kumuha muna kayo ng paunang pag-apruba mula sa inyong superbisor at sa Legal Department.

## Insider Trading

Sa trabaho natin sa Amkor, maaaring may mapagalaman tayong mga panloob na impormasyon na materyal, hindi pampubliko impormasyon na nakuha natin tungkol sa Amkor o iba pang kompanya. Ang paggamit sa naturang hindi pampubliko o "panloob" na impormasyon tungkol sa Amkor o iba pang kompanya para sa inyong pinansiyal o iba pang kapakinabangan ay hindi lamang labag sa etika kun'di labag din sa batas at, talaga namang, maaaring ituring na kriminal. Ipinagbabawal ng batas ng Estados Unidos at iba pang mga bansa na ang sino mang tao at iba pang mga bansa na may materya, hindi pampublikong impormasyon

tungkol sa isang kompanya, na makipagkalakalan ng stocks o iba pang securities ng naturang kompanya, o isiwalat ang naturang impormasyon o magbigay ng payo batay sa naturang impormasyon sa iba na maaaring mangalakal (kung minsan ay tinatawag itong "pagti-tip"). Kung gayun, habang hawak ang materyal, hindi pampublikong impormasyon tungkol sa Amkor o iba pang kompanya, hindi kayo maaaring bumili o magbenta ng mga securities ng Amkor o ng naturang kompanya. Binabawalan kayo na ibahagi ang naturang impormasyon sa mga kapamilya, kaibigan, o mga kapuwa empleyado. Ang impormasyon ay "materyal" kung maaaring ituring ng isang investor na ito ay mahalaga sa pagdedesisyon kung bibili, magbebenta, o magho-hold ng mga securities.

Ang impormasyon ay "hindi pampubliko" kung hindi pa ito naiisiwalat o naa-absorb ng publiko. Kabilang sa ilan sa mga halimbawa ang: (1) mga plano na makuha ang, o lumipat sa, ibang kompanya, (2) mga planadong pag-aanunsiyo ng mga pangunahing produkto, (3) hindi isiniwalat na resultang pinansiyal, mga prodyeksyon at mga plano, kasama na ang mga dibidendo at mga plano para sa muling pagbili ng security, (4) mga plano na maglagak ng puhunan sa ibang kompanya, (5) makuha ang kustomer at (6) mga plano na ibigay ang negosyo sa isang tagapagtustos.

Hindi palalampasin ng Amkor ang insider trading, kung saan maaaring kasama na ang pag-aksyon sa pamamagitan ng pagdaan sa ibang tao o pagbibigay ng impormasyong panloob lamang sa iba para sa kanilang paggamit kahit pa wala kayong kapakinabangang pinansiyal mula dito. Kung mayroon kayong anumang duda tungkol sa kung ano ang magagawa ninyo o hindi ninyo magagawa sa larangang ito, kailangang komunsulta kayo sa Legal Department.

## Mga Ipinagbabawal na Transaksyon sa mga Securities ng Amkor

Ang mga empleyado, at ang kanilang mga kapamilya, ay hindi maaaring pumasok sa speculative o hedging o monetization o iba pang naging resultang transaksyon sa mga securities ng Amkor. Kabilang sa mga transaksyong ito ang pagbebenta ng mga securities ng Amkor na hindi naman ninyo pag-aari o pagsho-short sales, kabiguang maihatid ang mga securities ng Amkor na inyong naibenta, maglagay o tumawag ng mga opsyon, mag-swap, magkalat ng pusta, manguwelyo, mag-forward ng mga kontrata sa bentahan, o mag-pledge ng mga securities ng Amkor bilang kolateral sa isang utang. Ang mga naturang transaksyon ay maaaring makabawas sa inyong insentibo na mapaigi ang pagganap sa Amkor, magpokus ng inyong atensyon sa pangmadaliang panahong pagtatrabaho sa ikasasama ng mga pang-matagalang panahong layunin ng Amkor, limitahan ang inyong pagkalantad sa mga ganap na panganib at gantimpala sa pagmamay-ari ng mga securities ng Amkor, o lumikha ng isang bagay na magmumukhang nakikipagkalakalan kayo, batay sa impormasyong mula sa loob, o may inaasahan kayong pagbagsak sa halaga ng securities ng Amkor.

Ang patakaran ng  Amkor's insider trading ay hindi nagbabawal sa paggamit ng mga opsyon na makabili ng mga securities ng Amkor na iginawad sa ilalim ng mga plano ng Amkor para sa mga insentibo alinsunod sa kanilang mga termino. Sino mang tao na mahuhuling may hawak o may dalang materyal na hindi pampublikong impormasyon sa panahong ng kanyang serbisyo bilang isang empleyado, opisyal o direktor ay tapos na, ay hindi maaaring mangalakal ng mga securities ng Amkor hangga't ang naturang impormasyon ay naging pampubliko na o kaya'y hindi na maituturing na materyal.

## Mga Susog

Ang Gabay ng Asal sa Negosyo ay maaaring susugan sa pana-panahon ayon sa kagustuhan ng Amkor. Ang kasalukuyang bersyon ng Amkor Technology Code of Business Conduct ay ipapaskil at pananatilihin sa website ng Amkor sa http://www.amkor.com/.

# PAGPAPATUNAY

Pinatutunayan ko na tumanggap na ako ng Gabay ng Asal sa Amkor (ang "Gabay") at susunod ako sa mga panuntunang itinakda dito. Nauunawaan ko rin na mayroon akong personal na responsibilidad na balik-aralin at sundin ang mga patakaran ng Amkor na angkop sa mga responsibilidad ng aking trabaho. Nauunawaan ko na ang isang paglabag sa mga patakaran at mga pamantayang etikal ay maaaring magsailalim sa akin sa aksyong pang-disiplina, hanggang sa, at kabilang na ang, pagkatanggal sa trabaho, pati na ang mga kaparusahang sibil at kriminal. Ang pagpirma sa Form na ito ng Sertipikasyon ay hindi, at hindi rin inilaan na, maggagawad ng anumang mga karapatan o mga benepisyo ng pagka-empleyo, o sasaklaw ng katiyakan ng isang tuloy-tuloy na pagka-empleyo na bukod pa sa sariling kagustuhan.

LAGDA

PETSA

NAKA-BAKAS NA PANGALAN

Amkor Technology®

# Enabling the Future

信義

# APPENDIX A – PAGTAWAG SA AMKOR INTEGRITY LINE

## Sa Web

Ipasa ang ulat sa digital platform sa pamamagitan ng pagbisita sa http://amkor.com/integrityline, or i-scan ang QR code para sa mobile access.

Sa Amkor, Hindi kami gumaganti sa sino mang mag ulat ng kasalukuyang o pinaghihinalaang paglabag sa ating code na may mabuting layunin, kung sa inyong paniniwala, ito ay iyong nararanasan sa oras ng inyong pag uulat ng kasalukuyan o paglabag, lumapit sa local na kagawaran sa Amkor Integrity Line.

## Sa telepono

Ang Amkor Integrity Line ay pinatatakbo ng isang independiyenteng taga-ikatlong panig at matatawagan 24 na oras isang araw, 7 araw isang linggo, mula sa anumang lokasyon sa buong mundo. Halos lahat ng wika ay suportado ng serbisyong ito, kasama na ang English, Korean, Tagalog, Japanese, Malay, Portuguese at Mandarin. Kung tatawag kayo sa Amkor Integrity Line, bibigyan kayo ng mga instruksyon tungkol sa kung paano ninyo susubaybayan ang inyong ulat.

Kapag tumatawag sa Amkor Integrity Line, maaari ninyong isumite ang inyong pangalan o mag-ulat kayo nang hindi nagpapakilala. Kung gusto ninyong gumamit ng isang panghalili sa Amkor Integrity Line, maaari ninyong piliin ang tumawag nang direkta sa Legal Department sa 1-480-821-5000.

| Country Access Numbers | |
|---|---|
| France | 0-805-98-04-87 |
| Japan | 0120-982-957 |
| Korea | 00308-491-0162 |
| Singapore | 800-492-2049 |
| People's Republic of China | 400-120-3573 |
| Pilipinas | 1800-1-322-0206 |
| Taiwan | 00801-49-2013 |
| Malaysia | 1-800-81-1200 |
| Portugal | 800-815-223 |
| Germany | 0800-180-3971 |
| Estados Unidos | 1-888-837-0896 |
| Vietnam | 120-32320 Vinaphone<br>122-80589 Viettel |

# APPENDIX B – PAGTAWAG SA HUMAN RESOURCES, INTERNAL AUDIT O SA LEGAL DEPARTMENT

Kung may tanong kayo o may gusto kayong iulat tungkol sa paglabag sa isang patakaran, sa maling rekord sa negosyo, o sa anumang isyung etikal o legal na maaaring nakaharap ninyo sa trabaho, hinihikayat kayo na makipag-usap muna sa inyong Manager. Kadalasan, ang mga Manager ang pinakamainam na tao na dapat konsultahin, sapagkat siya ang tao na pinakaposibleng may pinakamaraming nalalaman tungkol sa sitwasyon na inyong kinakaharap. Kung naaalangan kayo na makipag-usap sa inyong Manager, o hindi ninyo kayang gawin ito, o hindi kayo nalugod sa sagot sa inyo, maaari ninyong kontakin ang alinman o sino man sa mga sumusunod:


| Department | Location | Name | Phone Number/ Email Address |
|---|---|---|---|
| Human Resources | Estados Unidos | Donna Fagan | 480-786-7551<br>Donna.Fagan@amkor.com |
| | France/Germany | Sharon Gruber | +49-89-1241-49843<br>Sharon.Gruber@amkor.com |
| | Japan | Masahiro Kimura | 0949-33-1692<br>Masahiro.Kimura@amkor.com |
| | Korea | JinHan Cha | 032-728-4170<br>JinHan.Cha@amkor.co.kr |
| | Singapore | Joanna Tan | 6211-3391<br>Joanna.Tan@amkor.com |
| | Vietnam | Nguyen Thi Yen | 0934-138-699<br>Yen.Nguyenthi@amkor.com |
| | People's Republic of China | Chancy Chen | 021-5064-4590 x8196<br>Chancy.Chen@amkor.com |
| | Pilipinas | Aireen Sulit | 02-8850-7000 x7567<br>Aireen.Sulit@amkor.com |
| | Taiwan | Joanne Huang | 03-411-6000 x712000<br>Joanne.Huang@amkor.com |
| | Malaysia | Azrul Azhan Razali | 03-3122-6001 x505<br>Azrulazhan.Razali@amkor.com |
| | Portugal | Fernando Alves | 252-246-257<br>Fernando.Alves@amkor.com |
| Internal Audit | Estados Unidos | Mike Roy | 480-786-7577<br>Mike.Roy@amkor.com |
| Legal | Estados Unidos | Mark Rogers | 480-786-7601<br>Mark.Rogers@amkor.com |
| | | Anne Takher | 480-786-7397<br>Anne.Takher@amkor.com |

# AMKOR TECHNOLOGY BY THE NUMBERS

**FOUNDED IN**
**1968**

**30,000+**
**EMPLOYEES**

**12,000,000**
**SQUARE FEET OF MANUFACTURING SPACE**




**3 TOP TURNKEY SERVICES**

- DESIGN
- PACKAGING
- TEST

**$6.7B**
**NET SALES***

**FOOTPRINT IN 11 COUNTRIES**

12 SALES & CUSTOMER SUPPORT CENTERS

20 ASSEMBLY & TEST FACILITIES

*2025 RESULTS

Enabling the Future

amkor.com

© 2026 Amkor Technology, Inc. All Rights Reserved.
BR207T-TL Rev. Date: 01/26